



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-25 ng Setyembre, 2018
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

LUMIPAT KAMAKAILAN? I-UPDATE ANG INYONG REHISTRASYON NG BOTANTE *Ipadalala ang mga Postcard Upang Paalalahanan ang Ilang mga Botante na Magparehistrong Muli*

Kung gusto ninyong bumoto sa Ika-6 ng Nobyembre na Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon, ang huling araw upang magparehistro ay sa Lunes, Ika-22 ng Oktubre. Kailangan ninyong kumpletuhin ang isang bagong porma ng rehistrasyon kung kayo ay kamakailang lumipat o kamakailang nagbago ng inyong pangalan. Kung kayo ay hindi sigurado sa inyong rehistrasyon, i-tsek ang inyong status sa online sa sdvote.com. Kung kayo ay hindi nakarehistro o kailangang palitan ang inyong rehistrasyon, makikita rin ninyo ang impormasyon na iyon doon.

Ang Tagapagrehistro ng mga Botante sa County ng San Diego ay magpapadala ng courtesy postcards sa dalawang grupo ng mga botante sa county ngayong linggo upang bawasan ang mga hindi kinakailangang pagboto ng probisyonal sa mga botohan sa Ika-6 ng Nobyembre. Ang isang postcard ay ipadadala sa humigit kumulang 20,000 mga botante ng balotang pangkoreo na base sa mga record na ipinapakita ng Postal Service ay kamakailang lumipat ngunit hindi nagparehistrong muli. Sila ay makakatanggap ng isang postcard na nagpapaalala sa kanila na kumpletuhin ang isang bagong porma ng rehistrasyon na may bagong adres ng tirahan nila. Kung hindi nila gagawin, maaaring hindi nila matanggap ang kanilang balotang pangkoreo o impormasyon sa pagboto. Maaaring kailangan din nilang bumoto ng probisyonal kung sila ay pupunta sa kanilang botohan sa Araw ng Eleksyon.

“Mahalagang kumpletuhin ng mga botanteng ito ang isang bagong rehistrasyon ng botante upang matanggap nila ang tamang impormasyon ng balota bago ang eleksyon at para matanggap nila ang kanilang balotang pangkoreo.” sabi ng Tagapagrehistro ng mga Botante na si Michael Vu. “Kung hindi nila gagawin, ayon sa batas, kailangan naming ipadala ang kanilang balotang pangkoreo sa adres na nasa aming file.”

Ang ibang postkard ay naglalayong tulungan ang humigit kumulang 22,000 mga botante ng balotang pangkoreo na bumoto ng probisyonal noong eleksyon noong Hunyo at para maiwasan na mangyari ito muli sa Ika-6 ng Nobyembre. Kung kayo ay boboto sa koreo, ang Tagapagrehistro ay hinihikayat kayo na bumoto at ibalik ang inyong balota kaagad sa pamamagitan ng koreo.

Ngunit, kung pipiliin ninyong bumoto sa inyong itinalagang lugar ng botohan, dapat ninyong dalhin ang inyong balotang pangkoreo upang ibigay ito sa mga manggagawa sa botohan. Kung hindi, kayo ay hihilingin na bumoto nang probisyonal. Karagdagan dito, ang inyong matatanggap na balotang pangkoreo ay maglalaman ng dalawang kard at dapat ninyong ibalik ang parehong kard o kakailanganin ninyong bumoto ng probisyonal.

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa sdvote.com o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER  

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101-2472



COUNTY NG SAN DIEGO
MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-25 ng Setyembre, 2018